Pangalan: ________________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ____________ Petsa Nang Natapos: ________________Marka:___________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Pagsasalaysay ng Balita Gamit ang Iba't Ibang Uri ng Pangungusap

I. **Panuto:** Basahin at unawain ang balita. Sumulat ng limang pangungusap tungkol dito. Tiyaking magagamit ang bawat kayarian ng pangungusap. Isulat sa loob ng talahanayan ang iyong sagot.

**Medalya para sa Pilipinas**

Balitang Isport! Ginanap ang 9th ASEAN Para Games sa Kuala Lumpur noong Setyembre 17, 2017. Si Cielo Honasan ng Botolan, Zambales ang kinatawan ng Pilipinas sa isport sa pagtakbo at si Christopher Chiu Yue naman sa *bowling*.Nagningning ang gintong medalyang nakuha ni Honasan nang sumabak siya sa unang internasyonal na kompetisyon sa isport. Nalampasan niya ang mga kalaban sa naitalang oras na 28.51 segundo sa kategoryang 200m T44 sa pagtakbo na ginanap sa Bukit Jalil National Stadium. Tinalo niya ang Indonesian na si Karisma Evi Tiarani at Vietnamese na si Nguyen Thi Thuy sa larangang ito. Sa kabilang dako, si Yue naman sa ten-pin bowling ay nakapagpatumba ng 1,239 na pin kung kaya't siya ay umiskor nang malaki sa larong ito. Ito ang tumalo sa Malaysian na si Mohd Azrin Bin Rahim na may 1,211 pin na naitumba.

Sa palarong ito, Indonesia ang nanguna na may 35 ginto, 17 pilak, at 18 tansong medalya. Pumangalawa naman ang Malaysia na may 30 ginto at 20 pilak at ang pumangatlo sa puwesto ay ang Vietnam na may 15 ginto, 22 pilak, at 15 tanso. Samantala, ang Pilipinas ay nagkaroon ng kabuuang tatlong ginto, anim na pilak, at apat na tansong medalya para sa ikapitong puwesto. Malaki ang naitulong ng badyet na ibinigay ng pamahalaan upang mapabuti ang kanilang kagalingan sa napi ling isport na nilalaro.

Magaling ang ating mga atleta, buo ang kanilang loob. Naglalaan sila ng panahon sa pagsasanay alinsunod sa pamantayan ng Komisyon sa Isports. Pinapanatili rin nila ang malusog na pangangatawan upang maiwasan ang anumang kapahamakan.

| **Pamagat ng Balita:** | |
|---|---|
| 1. Payak na Pangungusap | |
| 2. Tambalang Pangungusap | |
| 3. Hugnayang Pangungusap | |
| 4. Langkapang Pangungusap | |
| 5. Pasalaysay na Pangungusap | |

**II. Panuto:** Tingnan at suriing mabuti ang larawan. Pagkatapos, bumuo ng limang pangungusap kaugnay nito. Tiyaking magagamit ang limang uri ng pangungusap ayon sa gamit at kayarian. Tukuyin din ang bawat uri nito. Isulat ang sagot sa patlang.

**Halimbawa:**

Ang kapayapaan ay dapat nagsisimula sa bawat tahanan. – paturol o pasalaysay; payak



| |
|---|
| 1. |
| 2. |
| 3. |
| 4. |
| 5. |